



PAGBOTO NANG MAY FELONY CONVICTION

Oo, maibabalik sa iyo ang karapatan mong bumoto

Isang patnubay sa pagboto pagkatapos ng isang felony conviction sa Washington State

Ang ating boto ay ang ating tinig. Ang karapatang bumoto ay ang haligi ng ating demokrasya. Ang kasaysayan ng ating bansa ay minamarkahan ng mga matagumpay na pakikibaka at mga legal na laban upang siguraduhin na ang karapatang bumoto ay hindi isang pribilehiyo na nakalaan lamang para sa iilang mayayaman, ngunit isang karapatang garantisado para sa lahat, anuman ang lahi, class o kasarian.

Anong uri ng convictions ang maaaring makaapekto sa aking mga karapatan sa pagboto?

Maaaring mawala sa isang tao ang karapatang bumoto kapag nahatulan siya ng isang felony sa adult court. Hindi mawawala sa iyo ang iyong karapatang bumoto sa Washington nang dahil sa isang misdemeanor o juvenile conviction.

Makaboto ba sa Washington ang mga indibidwal na nahatulan ng felonies?

Oo! Kung ikaw ay nahatulan ng isang felony sa isang Washington State adult court, ang iyong karapatang bumoto ay **awtomatikong ire-restore o ibabalik** sa sandaling ikaw ay hindi na nagsisilbi ng sentensiya ng lubusang pagkakulong sa ilalim ng awtoridad ng Department of Corrections (DOC). Ibig sabihin nito ay kapag nakumpleto mo na ang anumang kinakailangang sentensya sa kulungan, ang iyong karapatang bumoto ay naibalik na sa sandali ng iyong paglaya mula sa kulungan at magiging karapat-dapat kang magrehistro agad-agad kung ikaw ay isang U.S. citizen, resident ng Washington, at 18-taong-gulang man lamang sa araw ng halalan.

Kung ikaw ay nahatulan ng isang felony bilang isang adult sa ibang estado o sa federal court, ang iyong karapatang bumoto ay **awtomatikong ire-restore o ibabalik** sa sandaling wala ka na sa kulungan o preso. Magiging karapat-dapat kang magrehistro agad-agad kung ikaw ay isang U.S. citizen at resident ng Washington.

Ibabalik ang karapatang bumoto kahit na may utang ka pang multa sa korte, restitusyon, o iba pang legal financial obligations (mga LFO).

Hindi mo kailangang bayaran ang iyong mga LFO para bumoto. May legal na obligasyon ka pa rin na bayaran ang lahat ng iyong mga LFO at sundin ang payment schedule. Gayunman, ang iyong karapatang bumoto ay hindi maaaring bawiin nang dahil sa hindi pagbayad ng mga LFO. Hindi mo mawawala ang iyong karapatang bumoto nang dahil sa hindi pagbayad ng mga LFO.

May dokumento ba, o mayroon bang lugar na dapat kong i-check upang kompirmahin na ang aking karapatang bumoto ay naibalik na?

Wala. Wala nang dokumentong nagkokompirma ng restoration ng karapatang bumoto (noong nakaraan, ginagawa ito ng isang certificate of discharge). Wala ring listahan ng mga tao na ang karapatang bumoto ay naibalik na. Kung wala ka na sa bilanguan, ang iyong mga karapatang bumoto ay naibalik na, at karapat-dapat ka nang magrehistro para bumoto kung ikaw ay isang U.S. citizen, resident ng Washington, at 18-taong-gulang man lamang pagdating ng araw ng halalan. **Hindi mo rin kailangan ng mga papeles upang patunayan na naibalik na ang iyong karapatang bumoto.**

Kailangan pa rin ba akong magrehistro para bumoto?

Oo. Kahit na ang restorasyon ng mga karapatan para bumoto ay automatic, **kailangan pa ring magrehistro ang mga karapat-dapat na mga indibidwal.** Kahit na nakapagrehistro o nakaboto ka na bago nangyari ang iyong felony conviction, malamang na kailangan kang magrehistro muli para bumoto.

Maraming paraan para magrehistro para bumoto.

Maraming paraan para magrehistro, kabilang na ang personal na pagrehistro sa county auditor o sa elections offices at sa marami pang ibang mga lokasyon, mga tanggapan ng gobyerno tulad ng Department of Licensing (DOL), Department of Social and Health Services (DSHS), at kadalasan mga lokal na paaralan, mga library, at firehouses.

Maari kang magrehistro online sa www.votewa.gov. Ang rehistrasyon online ay maaaring makuha sa Ingles, Espanyol, Chinese, Vietnamese, at Korean.

Maari ka ring magrehistro sa mail. Ang rehistrasyon sa mail ay makukuha sa 25 wika. Ang mail-in form sa Ingles ay matatagpuan online sa: <https://bit.ly/3JjAWy7>.

PAUNAWA: May mga deadline ang pagrerehistro. Para malaman ang official deadlines, dapat mong kontakin ang Secretary of State, ang iyong county elections office o auditor, o ang isang organisasyon ukol sa mga karapatan para bumoto. Maaari kang magrehistro nang personal hanggang ika-8pm sa Araw ng Halalan. Ang mga rehistrasyon na online at sa mail ay dapat matanggap 8 araw bago dumating ang Araw ng Halalan.

Anong mga dokumento ang kailangan ko upang magrehistro para bumoto?

Depende ito sa kung paano kang pagrerehistro para bumoto:

Para magrehistro online kailangan mo ng isang balidong Washington state driver license o Washington state ID.

Para magrehistro sa pamamagitan ng mail dapat ka ring gumamit ng isang Washington state driver license o state ID. Kung wala ka ng mga ganitong ID, maaari mong ibigay ang huling apat na digit ng iyong social security number.

Kung wala kang driver license, state ID, o social security number, maaaring tanggapin ang iba pang uri ng ID. Kontakin ang Secretary of State para sa patnubay – mangyaring tingnan ang dulo ng dokumento para sa contact information. (Ang mga detalye ng batas, RCW 29A.08.107, ay nasa <https://bit.ly/3oEiBDN>).

Hindi mo kailangan ng tahanan o permanenteng address para bumoto:

Kapag nagrehistro ka upang bumoto, kakailanganin mong magbigay ng dalawang mga address:

1. Isang residential address

Ito ay maaaring maging pangalan o address ng isang shelter, park, motor home, intersection, o ilang iba pang maaaring makilalang lokasyon. Ang lokasyon na ito ay gagamitin upang matukoy ang iyong voting precinct at ang races na bobotohan mo.

Kung mayroon kang nontraditional address sa tribal land, maaari mong ilaran ang isang building na itinalaga ng tribe bilang iyong residential address.

AT

2. Isang mailing address

Maaari mong tanggapin ang iyong elections mail sa anumang balidong mailing na lokasyon. Maaaring mapabilang sa mailing address ang isang post office box, address ng isang kaibigan o kamag-anak, shelter, o general delivery sa isang local post office. Lahat ng materyales na may kinalaman sa halalan, kabilang na ang iyong balota, ay ipapadala sa mailing address.

Kung ang iyong mailing address ay nagbago at hindi mo ito nai-update bago dumating ang registration deadline, maaari mong kontakin ang iyong local elections office para sa isang balota!

Ang Washington ay isang vote-by-mail state. Ang bawat county ay may mga ballot drop-off boxes kung saan mo puedeng ihulog ang iyong balota. Maari mo ring i-mail ang iyong balota nang walang postage. Nag-aalok din ang bawat county ng mga lugar ng accessible voting para sa mga indibidwal na may mga kapansanan. Mag-check sa iyong county auditor o elections office para sa karagdagang impormasyon.

Maaari ko bang mawala ulit ang aking karapatang bumoto pagkatapos na maibalik ito?

Oo. Kung ikaw ay nahatulan ng isa pang felony offense, mawawala ulit sa iyo ang karapatang bumoto kapag nasentensyahan ka ng isang panahon sa kulungan. Hindi ka magiging karapat-dapat na bumoto habang ikaw ay nagsisilbi ng isang sentensyang DOC sa lubos na pagkakakulong.

Paano kung nalilito pa rin ako kung puede akong bumoto o hindi?

Kung ikaw ay may rekord at hindi ka sigurado kung maaari kang bumoto, **kontakin ang ACLU.** Mangyaring tumawag sa 206.624.2180 o bumisita sa www.aclu-wa.org/help.

ELECTIONS DIVISION NG SECRETARY OF STATE

www.sos.wa.gov/elections/voters

800.448.4881

Mahamanap mo rin ang contact information para sa iyong county elections office sa:

<https://www.sos.wa.gov/elections/viewauditors.aspx>

o kaya'y tawagan ang Secretary of State.

Makakapagrehistro ka upang bumoto online sa

www.votewa.gov.

LEAGUE OF WOMEN VOTERS OF WASHINGTON

www.lwvwa.org

206.622.8961

Libreng matatawagang

telepono: 800.419.2596

ACLU OF WASHINGTON

www.aclu-wa.org

206.624.2180

ACLU

AMERICAN CIVIL LIBERTIES UNION
FOUNDATION

Washington